## PAG-AALIS NG MGA HADLANG SA PAMAMAGITAN NG MGA PAGBAGO SA BATAS

Sa pagbago ng batas, ang mga may-ari ng naturang nabibitbit na kagamitan ay dapat na malaya mula sa tungkulin ayon sa batas na panatilihin itong maayos na gumagana sa lahat ng oras at pagsusuri ng RFSIC nang hindi bababa sa isang beses bawat 12 buwan.

## ANG PROSESO NG PAGPAPAHINTULOT SA NABIBITBIT NA KAGAMITAN


- Ang nabibitbit na kagamitan ay anumang kagamitan ng serbisyo sa sunog na ginawa, ginamit o idinisenyo upang magamit bilang isang nag-iisang yunit para sa layunin ng pag-apula, pagpuksa, pagpigil o paglilimita ng sunog.
- Upang mapangalagaan ang pagganap at kaligtasan ng produkto, lahat ng nabibitbit na kagamitan ay dapat aprubahan ng Direktor ng Mga Serbisyo sa Sunog bago ibenta o ibigay sa Hong Kong.
- Ang isang listahan ng mga aprubadong nabibitbit na kagamitan ay dapat itago ng Direktor at ilathala sa Pahayagan ng Pamahalaan nang hindi bababa sa isang beses bawat taon para sa pampublikong sanggunian.



## Ang iksemsyong itong ay hindi naaangkop sa:

- Nabibitbit na kagamitang nakakabit alinsunod sa Alituntunin ng Kaugalian sa Minimum na Nakakabit na Serbisyo sa Sunog at Kagamitan
- Mga lugar na kinakailangan kumuha ng lisensya o rehistro sa ilalim ng iba't ibang pagsasabatas
- Kusang-loob na ikinabit ang nabibitbit na kagamitan sa karaniwang lugar ng gusaling tirahan, tulad ng mga karaniwang pasilyo, bulwagan, hagdanan, atbp.

## PAGSUSURI NG MGA NABIBITBIT NA KAGAMITAN




- Upang matiyak na ang nabibitbit na kagamitan ay gumagana ng maayos, hinihikayat ng FSD ang mga may-ari ng nabibitbit na kagamitan na nakakabit sa mga lugar ng paninirahan na magsagawa ng pana-panahong sariling pagsusuri para sa kagamitang iyon.



- Kung ang kalawang, pagtagas o pinsala ay nakita sa pamatay ng apoy, itigil kaagad ang paggamit nito at magkaroon ang isang detalyadong inspeksyon sa isang rehistradong kontratista ng pagkakabit ng serbisyo sa sunog.

# PAGPAPALAGANAP NG MAS MALAWAK NA KUSANG-LOOB NA PAGGAMIT NG NABIBITBIT NA KAGAMITAN SA MGA LOKAL NA LUGAR





Kagawaran ng Serbisyo sa Sunog ng Hong Kong

Pagtaguyod ng Mas Malawak na Paggamit ng mga Napag-iisang Sistema ng Alarma sa Sunog

- Ang mga Regulasyon ng Serbisyo sa Sunog (Ang mga Pagkakabit at Kagamitan) ay binago noong 2021 nang sa gayon ang mga may-ari/naninirahan sa anumang mga gusali/lugar ay hindi kailangang makipag-ugnayan sa mga rehistradong kontratista sa pagkakabit ng serbisyo sa sunog para sa pagkakabit, pagpapanatili, pagsusuri o pagkumpuni ng anumang mga Napag-iisang Sistema ng Alarma sa Sunog na kusang-loob na ikinabit.
- Bukod dito, ang mga may-ari ng naturang kagamitan ay hindi rin isasama sa tungkulin ayon sa batas na panatilihin ang kagamitang iyon sa mahusay na kaayusan sa lahat ng oras at ipasuri ang mga ito sa RFSIC nang hindi bababa sa isang beses bawat 12 buwan.



Pagtaguyod ng Mas Malawak na Paggamit ng mga Napag-iisang Sistema ng Alarma sa Sunog

## ANG MGA TARGET NA PANUKALANG PROTEKSYON SA SUNOG PARA SA MGA LUGAR NG PANINIRAHAN

Nakikita ng FSD ang pangangailangang bumuo ng mas nakatuong mga hakbang sa pagprotekta sa sunog upang mapadali ang pagtugon sa sunog ng mga naninirahan gamit ang "Tatlong Pangunahing Kasanayan sa Paghahanda sa Kagipitan".

Tinuturuan ng FSD ang mga miyembro ng publiko na gamitin ang FSI/E, kabilang ang nabibitbit na kagamitan, na nasa ligtas ang kondisyon.



Ang mga may-ari ng nabibitbit na kagamitan ay kinakailangang sundin ang mga obligasyon ayon sa batas sa ilalim ng Mga Regulasyon ng Serbisyo sa Sunog (Ang mga Pagkakabit at Kagamitan) at pasanin ang kalakip na gastos sa pakikipag-ugnayan sa Rehistradong kontratista sa pagkakabit ng serbisyo sa sunog para sa pagtupad sa mga iniaatas na ayon sa batas. Kaugnay nito, plano ng FSD na hikayatin ang boluntaryong paggamit ng mga aprubadong nabibitbit na kagamitan sa mga lokal na lugar sa pamamagitan ng pagbago sa batas.

## PAGPAPALAGANAP NG MAS MALAWAK NA KUSANG-LOOB NA PAGGAMIT NG NABIBITBIT NA KAGAMITAN SA MGA LOKAL NA LUGAR

- lAng madaling nabibitbit na kagamitan, tulad ng pamatay ng apoy at kumot para sa apoy, ay epektibo sa pag-apula ng apoy sa yugto ng pagsisimula nito at ligtas at masinop para sa mga ordinaryong mamamayan na magtago ng aprubadong madaling nabibitbit na kagamitan sa kanilang tahanan.
- Ang pagtaguyod ng mas malawak na paggamit ng mga madaling nabibitbit na kagamitan ng kusa sa publiko sa mga lokal na lugar ay maaaring epektibong mapalawak ang saklaw ng proteksyon sa sunog sa mga tahanan ng mga mamamayan.

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Serbisyo sa Sunog：
Email：domestic_portable_e@hkfsd.gov.hk

**Kagawaran ng Serbisyo sa Sunog ng Hong Kong (FSD)**